Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Ang Panitikang Filipino sa Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo

Lyza Marie A. Candia [1]
1 – Golden Gate College
lyzamariecandia95@gmail.com / 0009-0004-1882-2237

Publication Date: May 29, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20438787**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang "ANG PANITIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG KULTURANG PILIPINO BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO"

Sa isinagawang pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng disenyong deskriptibo upang makalap ang mga tiyak na kasagutan at mahahalagang impormasyong kinakailangan sa pagsasakatuparan nito. Ang disenyong ito ay angkop sa paksang pinag-aaralan at nakatutulong upang mapabilis ang pangangalap ng mga datos mula sa mga respondente.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumabas na ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay nasa lebel ng pagsang-ayon, na nagpapakitang umiiral ang mga hakbang upang maipamahagi ito sa mga mag-aaral at sa lipunan. Napatunayan din na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa kanilang lebel ng kahusayan sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino, na nagpapakita ng kamalayan at aktibong pakikilahok sa pagpreserba nito. Dagdag pa rito, lumitaw na may signipikanteng ugnayan sa pagitan ng antas ng pagpapalaganap at ng kahusayan ng mga mag-aaral, na nangangahulugang habang tumataas ang antas ng pagpapalaganap, tumataas din ang kanilang kakayahang maunawaan at maipahalaga ang kulturang Pilipino. Gayunpaman, nananatiling hamon ang mababaw na pag-unawa ng publiko at kakulangan sa epektibong pagpapalaganap ng kultura lalo na sa larangan ng edukasyon at media. Sa kabila nito, ipinakita ng pag-aaral na epektibo ang mga iminungkahing gawain sa modyul upang higit na mapalawak ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino bilang salamin ng kulturang Pilipino.

**Mga Susing Salita:** *Panitikang Filipino, Kulturang Pilipino, Kagamitang Pampagtuturo*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Introduksyon

Ang panitikang Filipino ay isang mahalagang bahagi ng ating pambansang pagkakakilanlan at kultura, na nagsisilbing salamin ng ating mga karanasan, tradisyon, at pananaw sa buhay. Sa pamamagitan ng mga kwento, tula, dula, at iba pang anyo nito, naipapasa mula henerasyon sa henerasyon ang mahahalagang aspeto ng ating kultura at paniniwala bilang patunay ng ating kolektibong karanasan bilang mga Pilipino.

Sa makabagong panahon, ang panitikan ay nagsisilbing instrumento sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa mas malawak na madla, kabilang na ang mga kabataan at mga Pilipino sa diaspora. Sa kabila ng mga hamon ng modernisasyon at globalisasyon, patuloy na gumagawa ang mga manunulat ng mga akdang tumatalakay sa kasalukuyang isyu habang nakaugat pa rin sa ating tradisyon at pagpapahalaga. Hindi maikakaila ang papel ng panitikan sa pagpapanatili ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Mula sa mga epikong bayan ng mga katutubo hanggang sa makabagong spoken poetry, ang panitikan ay nagiging daluyan ng kolektibong alaala ng sambayanan. Mahalaga rin itong gamitin sa edukasyon upang higit na maunawaan ng kabataan ang ugat ng kanilang pagkatao.

Ayon kay Isip (2024), nahaharap sa mga hamon ang panitikang Pilipino dulot ng mabilis na pagbabago sa teknolohiya. Maraming kabataan ngayon ang mas naaakit sa banyagang panitikan at midya, kaya't nababawasan ang interes sa mga tradisyunal na anyo ng lokal na panitikan. Gayunpaman, ang paggamit ng mga digital na plataporma ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan upang mas madaling ma-access ang mga akda.

Binigyang-diin naman ni Parrenas (2022) na ang panitikan ay patuloy na umuunlad sa kabila ng modernisasyon. Ang paggamit ng multimedia, online platforms, at digital publication ay nagpalawak sa abot ng panitikang Filipino mula sa lokal patungo sa pandaigdigang entablado. Ang ganitong perspektiba ay nagpapatunay na buhay at makabuluhan pa rin ang panitikang Filipino hindi lamang bilang aliwan kundi bilang tagapagdala ng ating paniniwala at wika.

Sa kasalukuyan, pinalalaganap ang panitikang Filipino sa pamamagitan ng social media gaya ng Facebook, YouTube, at TikTok, pati na rin ang mga podcast at literary blogs. Ang mga institusyon at paaralan ay gumaganap din ng mahalagang papel sa pamamagitan ng inklusibong kurikulum na nagbibigay-diin sa lokal na pa Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin kung paano ginagamit ang panitikang Filipino bilang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa kabila ng mabilis na pag-usbong ng makabagong teknolohiya at digital na midya.

Sasagutin sa pag-aaral na ito ang mga tiyak na tanong.nitikan bilang haligi ng ating identidad.

1. Paano ilarawan ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino batay sa:

    1.1 papel ng *social media* bilang daluyan ng panitikan;
    1.2 impluwensiya ng mga makabagong anyo ng panitikan; at

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

1.3 kontribusyon ng mga manunulat na gumagamit ng makabagong plataporma?
2. Ano ang lebel ng kahusayan ng mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino batay sa:
   2.1 kaalamang pangnilalaman
   2.2 kaalamang panglinggwistika
3. May kaugnayan ba ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino at ng lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap nito?
4. Ano ang mga pangunahing sulirang kinakaharap sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino?
5. Batay sa resulta ng pag-aaral, ano ang mga gawain ang maaaring mabuo?

# Metodolohiya

**Disenyo ng Pananaliksik**

Sa isinagawang pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang makalap ang mga tiyak na kasagutan at mahahalagang impormasyon tungkol sa papel ng panitikang Filipino sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa digital na panahon. Ang disenyong ito ay nagsasangkot ng pagtatala, pagsusuri, at interpretasyon ng umiiral na kondisyon, at itinuturing na angkop sa paksa upang mas mapabilis ang pangangalap ng datos. Pinanatili rin ng mananaliksik ang kumpidensyalidad ng lahat ng nakalap na impormasyon, na ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral.

**Respondente ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay 192 mag-aaral ng Baitang 9 mula sa mga pribadong junior high schools sa Distrito V, Batangas, batay sa Raosoft sample size calculator (confidence level 95%, margin of error 5%). Ang mga mag-aaral ay kasalukuyang nag-aaral sa nasabing mga paaralan, samantalang ang mga guro ay napili batay sa kusang-loob na paglahok.

**Mga Instrumento ng Pananaliksik**

**Talatanungan.** Ang talatanungan ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay tumatalakay sa antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa makabagong panahon. Ang ikalawang bahagi naman ay nakatuon sa lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino. Samantalang ang ikatlong bahagi ay sumasaklaw sa mga pangunahing hamon na kinakaharap sa pagpapalaganap ng panitikang Pilipino.

**Konstruksyon.** Ang mananaliksik ay gumamit ng aklat, pahayagan, at mga di-nalathalang materyales sa pagbuo ng talatanungan. Pinagbatayan din ng mananaliksik ang mga elektronikong hanguan bilang magpagkukunan ng karagdagang ideya sa pagbabalangkas ng mga tanong.

**Balidasyon.** Matapos ang masusing pagbabalangkas at pagsasaayos ng mananaliksik sa binuong talatanungan, ito ay ipinasa sa gurong tagapayo upang masuri at mapaghusay. Muling isinaayos ng mananaliksik ang nilalaman nito sa tulong ng gabay ng gurong tagapayo. Ang talatanungan ay isinangguni rin ng mananaliksik sa eksperto mula sa akademikong larangan. Ang kaniyang komento at mungkahi ay isinaalang-alang para sa mas malinaw at maayos na nilalaman.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Matapos ang rebisyon, ang pinal na burador ng talatanungan ay ipinasang muli sa tagapayo upang mabigyan ng pahintulot na makapagsagawa ng sarbey para sa isasagawang pag-aaral

**Administrasyon.** Matapos ang proseso ng balidasyon, inilagay ng mananaliksik ang sipi ng talatanungan sa *google forms*. Pagkatapos nito ay isinagawa naman ng mananaliksik ang paghingi ng pahintulot sa mga punongguro sa mga pribadong paaralan sa sekundarya sa lalawigan ng Batangas upang maisagawa ang sarbey nang may pagsaalang-alang sa etikal na paraan ng pakikipagkomunikasyon. Kasunod nito, ibinigay ng mananaliksik ang *link* ng talatanungan sa *messenger ng* mga tagapamanihala ng paaralan upang maipadala nila sa mga mag-aaral na kalahok ng pag-aaral. Ang panuto at instruksiyon sa pagsasagot ng talatanungan ay buong linaw na inilahad ng mananaliksik para sa kaayusan at kabisaan ng pangangalap ng impormasyon.

**Paglilikom ng datos.** Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagtataya sa mga nakalap na impormasyon mula sa naipamahaging talatanungan gamit ang *google forms*. Sinikap at tiniyak ng mananaliksik na ang mga naibalik na talatanungan ay akma sa bilang ng mga kalahok sa pag-aaral. Ang mga datos ay inihanay, sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang angkop na estadistika.

**Pangangalap.** Pagkatapos na sumagot ng mga respondente sa isinagawang talatanungan, kinolekta at pinagsama-sama ng mananaliksik ang mga impormasyon mula sa sarbey kwestyuner at siniguro ang pagiging kumpidensyal ng mga impormasyong naitala ng mga respondente.

**Pagmamarka at Interpretasyon.** Ang eskalang ginamit sa paglalarawan at pagpapakahulugan ng mga nakalap na datos ng pag-aaral ay matutunghayan sa ibaba.

Upang mabatid ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay ginamit ang eskalang nababatay sa:

| Puntos | Pagitan ng Interbal | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 4 | 3.50-4.00 | Lubos na Sumangsang-ayon |
| 3 | 2.50-3.49 | Sumasang-ayon |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

Para sa lebel ng kahusayan ng mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino ay ginamit aang eskalang nababatay sa:

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| Puntos | Pagitan ng Interbal | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 4 | 3.50-4.00 | Lubos na Mahusay |
| 3 | 2.50-3.49 | Bahagyang Mahusay |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi Mahusay |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na Hindi Mahusay |

Para sa mga pangunahing hamon na kinakaharap sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay ginamit ang eskalang nababatay sa:

| Puntos | Pagitan ng Interbal | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 4 | 3.50-4.00 | Lubos na Nararanasan |
| 3 | 2.50-3.49 | Bahagyang Nararanasan |
| 2 | 1.50-2.49 | Hindi Masyadong Nararanasan |
| 1 | 1.00-1.49 | Lubos na Hindi Nararanasan |

**Interbyu.** Ang panayam ay paraan ng kwalitatibong pag-aaral na kung saan ito ay nakabatay sa pagtatanong upang mangalap ng datos. Ang panayam ay binubuo ng dalawa o higit pang mga tao, na kung saan ang isa ay ang tagapagtanong ng mga katanungan (George, 2022). Ito ay aangkop sa pag-aaral na ito upang makapagbigay ng mas wastong resulta at maaasahang mga sagot mula sa mga respondente.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Schools Division Superintendent at mga punongguro ng mga piling paaralan bago isagawa ang pag-aaral. Matapos nito, isinagawa ang pagsasaayos at pamamahagi ng talatanungan sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng Google Forms. Bukod dito, nagsagawa rin ng interbyu sa mga piling guro upang makalikom ng karagdagang kwalitatibong datos. Pagkatapos makalap ang lahat ng kinakailangang impormasyon, ito ay maingat na kinolekta at iprinokeso nang may pagsasaalang-alang sa Data Privacy Act (RA 10173). Sa huli, inorganisa at sinuri ang mga datos upang mabigyang-interpretasyon ang mga resulta ng pag-aaral.

**Pagtatasa ng Datos**

Ang mga nakalap na datos ay inilahad, ipinaliwanag at binigyang kahulugan gamit ang mga sumusunod na estadistika ng pag-aaral:

**Bahagdan.** Ito ay ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy ng distribusyon sa propayl ng mga respondente ng pag-aaral.

***Frequency.*** Ito ay ginamit ng mananaliksik sa pagtataya ng mga kalahok na tumugon sa bawat aytem ng talatanungan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

***Pearson's r.*** Ito ay ginamit upang ipakita ang mahalagang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino at ang lebel ng kahusayan ng mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kultura.

**Ranggo.** Ito ay ginamit upang mabatid ang aytem na nagtamo ng pinakamataas na tugon hanggang sa pinakamababang tugon.

***Weighted Mean.*** Ito ay ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng *average* ng mga sumagot na kalahok sa bawat aytem ng talatanungan.

# Resulta

Inilalahad rito ang resulta at talakayan ng mga datos na nakalap mula sa mga sagot sa talatanungang ipinamahagi sa mga respondente. Ang mga nasabing datos ay ipinakita sa anyong talahanayan alinsunod sa mga tiyak na katanungang inilahad sa suliranin ng pag-aaral.

## 1. Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang pagtatasa ng mga respondente sa kung paano nagsisilbing instrumento ang social media sa distribusyon at produksyon ng panitikang Filipino.

### *1.1 Batay sa Papel ng social media Bilang Daluyan ng Panitikan.*

**Talahanayan 2. Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino**
**Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Papel ng *social media Bilang* Daluyan ng Panitikan**

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. Naipapakalat nang mas mabilis ang panitikang Filipino sa pamamagitan ng *social media* kumpara sa tradisyonal na midya. | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 2. Nakakatulong sa pagpapakilala ng mga bagong manunulat ng panitikang Filipino ang *social media*. | 3.49 | Sumasang-ayon | 2 |
| 3. Maaaring magamit sa muling pagsasaayos at pagsasalin ng tradisyunal na panitikang Filipino ang *social media*. | 3.41 | Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Nagpapalakas ng interes ng kabataan sa panitikang Filipino ang *social media*. | 3.36 | Sumasang-ayon | 4.5 |

Online ISSN: 3082-5121
ALOYSIAN
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Ginagamit bilang instrumento sa paglikha ng bagong anyo ng panitikan ang *social media*. | 3.36 | Sumasang-ayon | 4.5 |
| 6. Nakakaengganyo sa mambabasa ang paggamit ng *social media* sa panitikan. | 3.35 | Sumasang-ayon | 6.5 |
| 7. Nagbibigay ng positibong epekto sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ang paggamit ng *social media* bilang plataporma ng panitikan. | 3.35 | Sumasang-ayon | 6.5 |
| 8. Nagiging isang epektibong plataporma sa pagpapalaganap ng panitikang Filipino ang *social media*. | 3.33 | Sumasang-ayon | 8 |
| 9. Nagbibigay ng mas malaking *audience* para sa panitikang Filipino ang *social media*. | 3.32 | Sumasang-ayon | 9 |
| 10. Nagkakainteres sa panitikang Filipino ang mas maraming kabataan dahil sa *social media*. | 3.26 | Sumasang-ayon | 10 |
| ***Composite Mean*** | **3.37** | **Sumasang-ayon** | |

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang papel ng social media bilang daluyan ng panitikan ay nasa lebel na sumasang-ayon (M = 3.37). Pinakamahusay ang naging resulta sa aspeto ng mabilis na pagpapakalat ng panitikan kumpara sa tradisyunal na midya at sa pagpapakilala ng mga bagong manunulat, na nagpapahiwatig ng malakas na gampanin ng digital na plataporma sa distribusyon ng mga akda. Gayunpaman, ang mas mababang marka sa pagpukaw ng interes ng kabataan ay nagmumungkahi ng pangangailangan para sa mas mapanghikayat at mas malalim na integrasyon ng panitikan sa mga social media platforms.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta kay Gatchalian (2021), na nagsaad na ang social media ay nagbubukas ng mga bagong espasyo para sa mabilis na produksyon at distribusyon ng panitikan. Sa katulad na paraan, binigyang-diin nina Andrada (2022) at Peña (2025) na ang mga digital na plataporma ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga kontemporaryong manunulat na maabot ang mas malawak na mambabasa nang hindi dumaan sa tradisyunal na proseso ng publikasyon.

***1.2 Batay sa Impluwensiya ng mga Makabagong Anyo ng Panitikan.***

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagsang-ayon ng mga respondente sa papel ng mga makabagong anyo ng panitikan sa digital na panahon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Talahanayan 3. Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino Batay sa Impluwensiya ng mga Makabagong Anyo ng Panitikan**

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. Nagiging isang mahalagang anyo ng panitikang Filipino sa kasalukuyan ang *spoken word poetry*. | 3.47 | Sumasang-ayon | 1.5 |
| 2. Nagbibigay ng bagong perspektiba sa kultura at tradisyon ng Pilipinas ang mga makabagong anyo ng panitikan. | 3.47 | Sumasang-ayon | 1.5 |
| 3. Nagpapadali sa pagpapalaganap ng panitikang Filipino ang *online publishing*. | 3.43 | Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Nakakatulong sa pangangalaga ng kulturang Pilipino ang modernisasyon ng panitikan. | 3.35 | Sumasang-ayon | 4 |
| 5. Nakakatulong sa mas mabilis na pag-unlad ng panitikang Filipino ang makabagong anyo ng panitikan. | 3.33 | Sumasang-ayon | 5 |
| 6. Nagpapataas ng interes sa panitikang Filipino ang paggamit ng *Wattpad* at iba pang *online platforms*. | 3.31 | Sumasang-ayon | 6 |
| 7. Nagiging isang mahalagang anyo ng panitikang Filipino sa kasalukuyan ang *digital comics*. | 3.30 | Sumasang-ayon | 7 |
| 8. Hindi nangangahulugan ng pagkawala ng tradisyunal na panitikang Filipino ang pagbabago ng anyo ng panitikan. | 3.27 | Sumasang-ayon | 8 |
| 9. Nag-iiwan ng positibong epekto sa panitikang Filipino ang mga *digital* na anyo ng panitikan | 3.26 | Sumasang-ayon | 9.5 |
| 10. Nagiging isang epektibong paraan upang ipakilala ang panitikang Filipino sa *digital age* ang *flash fiction* at *microfiction*. | 3.26 | Sumasang-ayon | 9.5 |
| ***Composite Mean*** | **3.34** | **Sumasang-ayon** | |

Ang impluwensiya ng mga makabagong anyo ng panitikan ay nasa lebel na sumasang-ayon (M = 3.34). Ang mga kalahok ay nagpakita ng malakas na pagkilala sa papel ng spoken word poetry at sa mga bagong perspektibong ibinibigay ng modernong panitikan sa kultura, na nagpapahiwatig ng pagtanggap sa mga interactive at relevant na anyo ng sining. Gayunpaman,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

ang mas mababang pagkilala sa mga anyong flash fiction at microfiction ay nagmumungkahi na bagaman narito na ang mga ito, hindi pa ito ganap na itinuturing na pangunahing instrumento sa malalim na pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa kasalukuyan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pananaw nina Andrada (2022) at Verzola (2024), na nagbigay-diin na ang makabagong panitikan ay nagsisilbing daluyan ng pagbabagong kultural na nagbibigay-buhay sa mga kontemporaryong isyu. Bukod dito, binigyang-diin nina De Guzman (2025) at Gatchalian (2021) na ang online publishing at mga digital na plataporma ay nagbubukas ng demokratikong espasyo para sa mas inklusibong kultura ng pagbabasa at paglikha.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang modernong panitikan ay may malakas na pundasyon sa pagpapanatili ng identidad sa pamamagitan ng mga sikat na anyo tulad ng spoken word poetry at online publishing. Habang ang mga pundasyong aspeto gaya ng pakikilahok at bagong perspektiba ay kapansin-pansin, ang mga mas espesyalisadong anyo gaya ng flash fiction at microfiction ay nangangailangan pa ng higit na paglinang at pagpapaunlad. Ang mga resultang ito ay nagmumungkahi ng kahalagahan ng pagpapatibay sa mga makabagong anyo ng panitikan bilang epektibong kagamitang pampagtuturo upang higit na mapataas ang kamalayang kultural ng mga mag-aaral.

### *1.3 Batay sa Kontribusyon ng mga manunulat na Gumagamit ng Makabagong Platform.*

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang persepsyon ng mga respondente sa ambag ng mga manunulat na aktibo sa digital na espasyo para sa pagpapalaganap ng kultura.

**Talahanayan 4. Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Kontribusyon ng mga Manunulat na Gumagamit ng Makabagong *Platform***

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. Nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa publiko ang mga manunulat sa makabagong plataporma. | 3.49 | Sumasang-ayon | 3 |
| 2. Nakakapagpahayag ng kanilang opinyon at ideya nang mas mabilis ang mga manunulat sa digital na plataporma. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 3. Nakakatulong sa pagpapalaganap ng kaalaman sa mas maraming tao ang paggamit ng social media sa pagsulat. | 3.38 | Sumasang-ayon | 10 |
| 4. Nagiging mas malikhain at malaya ang mga manunulat dahil sa teknolohiya at digital na plataporma. | 3.45 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| 5. Nakakapagbigay ng inspirasyon sa iba upang magsulat din ang mga manunulat sa makabagong plataporma. | 3.47 | Sumasang-ayon | 4 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. Nagpapadali sa pagbabahagi ng mahahalagang panitikan at akda ang paggamit ng digital na plataporma. | 3.44 | Sumasang-ayon | 7 |
| 7. Nagbibigay-daan sa mas maraming diskusyon at opinyon mula sa iba't ibang tao ang makabagong paraan ng pagsulat. | 3.39 | Sumasang-ayon | 8.5 |
| 8. Nagkakaroon ng malaking papel sa pagbibigay ng tamang impormasyon sa | 3.39 | Sumasang-ayon | 8.5 |
| publiko ang mga manunulat sa digital na mundo. | | | |
| 9. Nagbibigay ng oportunidad sa mga baguhang manunulat upang ipakita ang kanilang talento ang makabagong plataporma. | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 10. Nagpapalakas ng interes ng mga tao sa pagbabasa at pagsusulat ang paggamit ng digital na teknolohiya. | 3.45 | Sumasang-ayon | 5.5 |
| ***Composite Mean*** | **3.45** | **Sumasang-ayon** | |

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang kontribusyon ng mga manunulat na gumagamit ng makabagong plataporma ay nasa antas na sumasang-ayon (Composite Mean = 3.45). Ang pinakamataas na indikasyon ay ang "pagpapahayag ng opinyon at ideya nang mas mabilis sa digital na plataporma" (WM = 3.53), samantalang ang pinakamababa ay ang "paggamit ng social media sa pagsulat upang mapalaganap ang kaalaman sa mas maraming tao" (WM = 3.38).

Sa pangkalahatan, ang mga makabagong plataporma ay pangunahing ginagamit upang mapabilis ang pagpapahayag ng saloobin at magbigay ng pagkakataon sa mga bagong talento sa pagsulat. Sinusuportahan nito ang pag-aaral ni Sison (2022), na nagsabing ang social media ay nagsisilbing epektibong daluyan para sa mga manunulat upang agarang maihatid ang kanilang mga akda at paninindigan. Sa katulad na paraan, binigyang-diin ni Andrada (2022) na ang mga online platforms ay nagiging mahahalagang espasyo para sa mga manunulat upang malayang maipahayag ang kanilang malikhaing kaisipan.

**2. Lebel ng Kahusayan ng Mag-aaral sa Pagpapalaganap ng Kaalaman tungkol sa Kulturang Pilipino.**

Tinutukoy sa bahaging ito ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang kaalaman upang maibahagi ang kulturang Pilipino sa iba't ibang plataporma.

### *2.1 Batay sa Kaalamang Pangnilalaman*

**Talahanayan 5. Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Pagpapalaganap ng Kaalaman Tungkol sa Kulturang Pilipino batay sa Kaalamang Pangnilalaman**

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. nauunawaan ko ang kahalagahan ng mga tradisyong Pilipino sa kasalukuyang panahon. | 3.64 | Lubos na Mahusay | 1 |
| 2. nakakikilala ako ng iba't ibang anyo ng panitikang Pilipino na nagpapalaganap ng kultura. | 3.49 | Bahagyang Mahusay | 2 |
| 3. nagagamit ko ang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas upang maipaliwanag ang kasalukuyang kultura. | 3.46 | Bahagyang Mahusay | 3 |
| 4. napapahalagahan ko ang papel ng panitikan sa pagpapanatili ng kulturang Pilipino. | 3.42 | Bahagyang Mahusay | 4 |
| 5. naipapaliwanag ko ang kahalagahan ng pagdiriwang ng mga tradisyonal na pista. | 3.41 | Bahagyang Mahusay | 5 |
| 6. naiuugnay ko ang mga sinaunang tradisyon sa makabagong pamumuhay. | 3.39 | Bahagyang Mahusay | 7 |
| 7. naitatampok ko sa mga proyekto o presentasyon ang kulturang Pilipino. | 3.39 | Bahagyang Mahusay | 7 |
| 8. nakapagbabahagi ako ng mga kaalaman tungkol sa kultura ng Pilipinas sa aking kapwa. | 3.39 | Bahagyang Mahusay | 7 |
| 9. nakapagpapaliwanag ako ng mga pangunahing aspeto ng kulturang Pilipino. | 3.38 | Bahagyang Mahusay | 9.5 |
| 10. nasasalamin ko sa aking gawaing pampaaralan ang kaalaman sa kultura ng Pilipinas. | 3.38 | Bahagyang Mahusay | 9.5 |
| ***Composite Mean*** | **3.43** | **Bahagyang Mahusay** | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino batay sa kaalamang pangnilalaman ay nasa antas na bahagyang mahusay (Composite Mean = 3.43). Ang pinakamataas na indikasyon ay ang "pag-unawa sa kahalagahan ng mga tradisyong Pilipino sa kasalukuyang panahon" (WM = 3.64), samantalang ang pinakamababa ay ang "pagpapaliwanag ng mga pangunahing aspeto ng kultura at pagpapakita nito sa mga gawaing pampaaralan" (WM = 3.38).

Sa pangkalahatan, ang kaalamang pangnilalaman ng mga mag-aaral ay ginagamit upang suportahan ang kanilang kamalayan sa tradisyon, panitikan, at ugnayan ng kasaysayan sa kasalukuyan. Sumasalamin ito sa pananaw ni Mojares (2018), na nagsabing ang mga tradisyong kultural ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kasaysayan at kasalukuyan sa kabila ng modernisasyon. Gayundin, binigyang-diin ni Platil (2024) na ang integrasyon ng kasaysayan at kultura sa kurikulum ay may malaking ambag sa pagpapatibay ng ugnayan ng kabataan sa kanilang sariling pagkakakilanlan at pinagmulan.

### *2.2 Batay sa kaalamang Panglinggwistika*

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang instrumento sa pagpapahayag at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino.

**Talahanayan 6. Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Pagpapalaganap ng Kaalaman Tungkol sa Kulturang Pilipino batay sa Kaalamang Panglinggwistika**

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. Naiaangkop ko ang aking paggamit ng wika sa pormal at impormal na talakayan tungkol sa kultura. | 3.47 | Bahagyang Mahusay | 1 |
| 2. Gumagamit ako ng wastong Filipino sa pagpapaliwanag ng mga konsepto ng kultura. | 3.44 | Bahagyang Mahusay | 2 |
| 3. Nakikilala ko ang tamang gamit ng wika sa iba't ibang kontekstong kultural. | 3.40 | Bahagyang Mahusay | 3 |
| 4. Nakagagawa ako ng mga sanaysay tungkol sa kultura gamit ang tamang gramatika. | 3.39 | Bahagyang Mahusay | 4 |
| 5. Nakabubuo ako ng mga presentasyon tungkol sa kultura na gumagamit ng epektibong wika. | 3.38 | Bahagyang Mahusay | 5 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. Nakagagamit ako ng mga terminolohiyang kultural nang angkop sa konteksto. | 3.35 | Bahagyang Mahusay | 6 |
| 7. Naiiwasan ko ang paggamit ng maling salita sa pagtalakay ng mga paksang kultural. | 3.32 | Bahagyang Mahusay | 7.5 |
| 8. Nakapaglalahad ako ng ideya sa kultura at tradisyon gamit ang angkop na estilo ng pagsasalita. | 3.32 | Bahagyang Mahusay | 7.5 |
| 9. Naipapahayag ko ang aking kaalaman sa kultura sa paraang malinaw at organisado. | 3.31 | Bahagyang Mahusay | 9.5 |
| 10. Naiiwasan ko ang paggamit ng mga banyagang termino kung hindi naman kinakailangan sa talakayan ng kultura. | 3.31 | Bahagyang Mahusay | 9.5 |
| ***Composite Mean*** | **3.37** | **Bahagyang Mahusay** | |

Ipinapakita ng Talahanayan 6 na ang kaalamang panglinggwistika ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay nasa antas na bahagyang mahusay (**Composite Mean = 3.37**). Ang pinakamataas na indikasyon ay ang "pag-aangkop ng wika sa pormal at impormal na talakayan tungkol sa kultura" (WM = 3.47), samantalang ang pinakamababa ay ang "malinaw, organisado, at purong paggamit ng Filipino sa talakayan" (WM = 3.31).

Ipinahihiwatig nito na ang kasanayan sa wika ay nakatutulong sa mga mag-aaral na linawin ang mga kaisipang kultural at suportahan ang pakikipagtalastasan sa iba't ibang sitwasyon. Sinusuportahan ito ni Peña (2025) sa pagsasabing ang makabagong teknolohiya at digital platforms ay mahalaga sa pagpapayaman ng kasanayan sa wika. Binigyang-diin din ni Jusayan (2021) na ang digital na midyum ay nagsisilbing tulay upang maging mas aktibo, mapanuri, at malikhain ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang sariling kultura at tradisyon.

### 3. Ugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino at ng Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Pagpapalaganap Nito

Ipinapakita sa bahaging ito ang pagsusuri sa korelasyon sa pagitan ng mga estratehiya sa pagpapalaganap (social media, makabagong anyo, at manunulat) at ang naging kahusayan ng mga mag-aaral sa aspetong pangnilalaman at panglinggwistika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

### *3.1 Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Papel ng social media Bilang Daluyan ng Panitikan at Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral*

**Talahanayan 7. Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Papel ng social media Bilang Daluyan ng Panitikan at Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral**

| Lebel ng Kahusayan | r-value | p-value | Degree | Decision on Ho | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Kaalamang pangnilalaman | .156 | .031 | Weak Relationship | Reject | Significant |
| Kaalamang panglinggwistika | .603 | .000 | Strong Relationship | Reject | Significant |

*Coefficient of correlation (r): ±1.0 (Perfect relationship), ±.76 to .99 (Very Strong relationship), ±.51 to .75 (Strong relationship), ±.26-.50 (Moderate Relationship, ±.11 to .25 (Weak relationship), ±.01 to .10 (Very weak relationship), .00 (No relationship)*

Ipinapakita ng Talahanayan 7 na ang lahat ng Pearson's r-values sa pagitan ng papel ng social media at lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral ay signipikante ($p < 0.05$). Ang Kaalamang Pangnilalaman ($r = .156$) ay nagpapakita ng mahinang ugnayan (*weak relationship*), habang ang Kaalamang Panglinggwistika ($r = .603$) ay nagpapakita ng malakas na ugnayan (*strong relationship*).

Nangangahulugan ito na ang integrasyon ng social media bilang daluyan ng panitikan ay may positibong epekto sa kahusayan ng mga mag-aaral, partikular sa aspeto ng wika. Ipinahihiwatig nito na mas napayayaman at nahahasa ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa paggamit ng social media bilang plataporma, kung saan sila ay higit na naaakit makibahagi at makalikha ng mga akdang pampanitikan. Bagama't may kahinaan sa ugnayan sa kaalamang pangnilalaman, napatunayan pa rin ang estadistikal na kabuluhan nito sa pagbibigay ng dagdag-kaalaman tungkol sa panitikang Filipino.

### *3.2 Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Impluwensiya ng mga Makabagong Anyo ng Panitikan*

Sinisiyasat sa Talahanayan 8 ang epekto ng mga modernong anyo gaya ng *spoken word poetry* at *digital publishing*.

**Talahanayan 8. Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Impluwensiya ng mga Makabagong Anyo ng Panitikan at Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral**

| Lebel ng Kahusayan | r-value | p-value | Interpretasyon | Desisyon | Konklusyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Kaalamang pangnilalaman | .264 | .000 | Moderate Relationship | Reject | Significant |
| Kaalamang panglinggwistika | .481 | .000 | Moderate Relationship | Reject | Significant |

*Coefficient of correlation (r): ±1.0 (Perfect relationship), ±.76 to .99 (Very Strong relationship), ±.51 to .75 (Strong relationship), ±.26-.50 (Moderate Relationship, ±.11 to .25 (Weak relationship), ±.01 to .10 (Very weak relationship), .00 (No relationship)*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Sa kabilang banda, ipinapakita ng Talahanayan 8 ang isang signipikanteng positibong ugnayan sa pagitan ng impluwensiya ng mga makabagong anyo ng panitikan at ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa lahat ng aspeto. Ang Kaalamang Pangnilalaman (.264) at Kaalamang Panglinggwistika (.481) ay parehong nagtala ng p-value na .000, na nagresulta sa pagtanggi sa null hypothesis.

Ipinahihiwatig nito na ang mataas na impluwensiya ng mga makabagong anyo ng panitikan, gaya ng spoken word poetry at online publishing, ay may kaugnayan sa pagbuti ng kahusayan ng mga mag-aaral, partikular sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa kultura at kasanayan sa wika.

Sinusuportahan ng mga resultang ito ang pananaw nina Soriano (2024) at Betos (2024), na nagsabing ang mga makabagong anyo ng panitikan ay epektibong daluyan na nagpapayaman sa wika at identidad ng mga Pilipino sa kasalukuyang henerasyon. Gayundin, binigyang-diin nina Peña (2025) at Mojares (2018) na ang modernisasyon ng panitikan ay may kakayahang makapagpasigla ng interes ng kabataan sa pagbabasa at pagsusulat.

### *3.3 Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Kontribusyon ng mga Manunulat na Gumagamit ng Makabagong Plataporma at Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral*

Ang Talahanayan 9 ay naglalahad ng ugnayan sa pagitan ng aktibismo ng mga manunulat sa digital na mundo at kahusayan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 9. Kaugnayan ng Antas ng Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino batay sa Kontribusyon ng mga Manunulat na Gumagamit ng Makabagong Plataporma at Lebel ng Kahusayan ng mga Mag-aaral**

| Lebel ng Kahusayan | r-value | p-value | Interpretasyon | Desisyon | Konklusyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Kaalamang pangnilalaman | .395 | .000 | Moderate Relationship | Reject | Significant |
| Kaalamang panglinggwistika | .631 | .000 | Strong Relationship | Reject | Significant |

*Coefficient of correlation (r): ±1.0 (Perfect relationship), ±.76 to .99 (Very Strong relationship), ±.51 to .75 (Strong relationship), ±.26-.50 (Moderate Relationship, ±.11 to .25 (Weak relationship), ±.01 to .10 (Very weak relationship), .00 (No relationship)*

Katulad ng mga naunang resulta, ipinapakita ng Talahanayan 9 ang isang signipikanteng positibong ugnayan sa pagitan ng kontribusyon ng mga manunulat na gumagamit ng makabagong plataporma at ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral. Ang Kaalamang Pangnilalaman (.395) ay nagpakita ng katamtamang ugnayan (moderate relationship), habang ang Kaalamang Panglinggwistika (.631) ay nagtala ng malakas na ugnayan (strong relationship), na kapwa nagresulta sa pagtanggi sa null hypothesis dahil ang p-value ay mababa sa 0.05.

Ipinahihiwatig nito na ang mas mataas na kontribusyon at pakikilahok ng mga manunulat

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

sa digital na mundo ay nauugnay sa pag-unlad ng kahusayan ng mga mag-aaral, partikular sa aspeto ng malikhaing pagpapahayag, pagsulat, at paggamit ng wika.

**4. Pangunahing Hamon na Kinakaharap sa Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino**

Tinatalakay sa bahaging ito ang mga balakid na nararanasan sa epektibong pagpapanatili at pagbabahagi ng kulturang Pilipino sa kasalukuyang panahon.

**Talahanayan 10. Mga Hamon na Kinakaharap sa Pagpapalaganap ng Kulturang Pilipino**

| PAHAYAG | WEIGHTED MEAN | INTERPRETASYON | RANGGO |
|---|---|---|---|
| 1. Limitado ang pag-unawa ng publiko sa mga lokal na sining, wika, at panitikan bilang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan. | 3.47 | Bahagyang Nararanasan | 1 |
| 2. Hindi palaging naipapamahagi ng media ang tamang impormasyon tungkol sa kulturang Pilipino. | 3.43 | Bahagyang Nararanasan | 2.5 |
| 3. Hindi maayos na naituturo ang mga tradisyunal na paniniwala, kasaysayan, at wika sa paaralan. | 3.43 | Bahagyang Nararanasan | 2.5 |
| 4. Kulang ang suporta sa mga lokal na artista at manlilikha sa pagpapayaman ng kulturang Pilipino. | 3.42 | Bahagyang Nararanasan | 4 |
| 5.Hindi sapat ang pagkilala ng mga kabataan sa kahalagahan ng kulturang Pilipino sa kasalukuyang panahon. | 3.36 | Bahagyang Nararanasan | 5.5 |
| 6. Limitado ang pagpapalaganap ng mga kultural na aktibidad ng mga organisasyon sa komunidad. | 3.36 | Bahagyang Nararanasan | 5.5 |
| 7. Nahihirapang mapangalagaan ang mga kultural na pamana laban sa modernisasyon at banyagang impluwensya. | 3.35 | Bahagyang Nararanasan | 7 |
| 8. Kulang ang pagpapakita ng tradisyunal na kultura sa mga programa at aktibidad ng paaralan. | 3.33 | Bahagyang Nararanasan | 9 |
| 9. Hindi lubos na naipapreserba ng pamahalaan ang mga lokal na kaugalian, sayaw, musika, at panitikan. | 3.33 | Bahagyang Nararanasan | 9 |
| 10. Kakulangan sa pag-unawa ng mga kabataan sa papel ng digital media sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino. | 3.33 | Bahagyang Nararanasan | 9 |
| ***Composite Mean*** | **3.38** | **Bahagyang Nararanasan** | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Lumabas sa pag-aaral na ang mga hamon sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay bahagyang nararanasan (Composite Mean = 3.38). Kabilang sa mga pangunahing balakid ang limitado pa ring pag-unawa ng publiko sa mga lokal na sining, wika, at panitikan bilang bahagi ng pambansang pagkakakilanlan, gayundin ang kakulangan ng media sa pagbabahagi ng tamang impormasyon at ang hindi maayos na pagtuturo ng mga tradisyon sa mga paaralan.

Ang mga hamong ito ay pinalalala ng kakulangan sa suporta para sa mga lokal na artista at ang mabilis na impluwensya ng banyagang kultura na nagpapahirap sa pagpapanatili ng mga pamanang kultural. Ipinapakita rin ng mga datos na bagama't may kamalayan ang mga kabataan, kulang pa ang kanilang pag-unawa sa kung paano magagamit ang digital media bilang mabisang plataporma sa pagpapalaganap ng sariling kultura.

Sa kabuuan, ang mga natuklasang ito ay nagpapahiwatig na kahit may pagnanais na isulong ang kulturang Pilipino, ang mga limitasyon sa sektor ng edukasyon, media, at pamahalaan ay nagsisilbing hadlang upang ganap itong maisabuhay at maipreserba sa makabagong panahon.

**5. Modyul sa Pag-aaral ng Panitikang Filipino**

Ipinapakita sa bahaging ito ang kinalabasan ng pag-aaral na naging batayan sa pagbuo ng iminungkahing Modyul sa Pag-aaral ng Panitikang Filipino. Ang mga gawaing nakapaloob sa modyul tulad ng "Tinig ng Lahi" (Spoken Word Poetry), "#KulturaKoSaTikTok," at "Digital Anthology" ay direktang tugon sa mga aspetong nangangailangan ng pagpapatibay sa antas ng pagpapalaganap at kahusayan ng mga mag-aaral. Ang pagpili sa mga gawaing ito ay binuo upang gamitin ang makabagong midya bilang daluyan ng malikhaing pagpapahayag.

# Diskusyon

Ipinapakita ng mga resulta na ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay nasa antas na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na may aktibong pagsisikap sa paggamit ng mga makabagong anyo ng panitikan upang mapanatili ang pambansang identidad. Gayunpaman, ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalamang ito ay nasa antas lamang na bahagyang mahusay. Bagama’t may sapat silang kamalayan sa mga tradisyon at panitikan, ang kanilang kakayahang maipaliwanag at maipamalas ito sa mga praktikal na gawaing pampaaralan ay nangangailangan pa ng higit na paglinang.

Ipinakita sa pag-aaral na ang social media, makabagong anyo ng panitikan (tulad ng spoken word poetry at digital comics), at ang kontribusyon ng mga manunulat sa mga digital na plataporma ay may mahalagang papel bilang daluyan ng kultura. Ang mga ito ay epektibo sa pagpapasigla ng interes at pakikilahok ng mga kabataan. Subalit, ang pagkilala sa mga anyong tulad ng flash fiction at microfiction ay nananatiling mababa, na nagpapahiwatig na hindi pa ganap na nasusulit ang lahat ng digital na format upang maabot ang mas malalim na antas ng pag-unawa sa kultura.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Sa aspeto ng ugnayan, lumabas na may signipikanteng relasyon ang lahat ng mga makabagong midyum na ito sa lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral. Kapansin-pansin na mas malakas ang ugnayan ng mga makabagong plataporma sa kaalamang panglinggwistika kaysa sa kaalamang pangnilalaman. Nangangahulugan ito na bagama't mabisang nahahasa ng teknolohiya at digital na panitikan ang kasanayan sa wika at pagpapahayag ng mga mag-aaral, may kakulangan pa sa pagpapalalim ng mismong nilalaman at esensya ng kulturang itinuturo.

Bagama't kinakaharap ang mga hamon tulad ng limitado pa ring pag-unawa ng publiko sa lokal na sining at ang kakulangan ng media sa pagbibigay ng tamang impormasyon, ang mga ito ay itinuturing na bahagyang nararanasan lamang. Gayunpaman, ang mga balakid na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas organisadong kagamitang pampagtuturo.

Sa kabuuan, binibigyang-diin ng mga natuklasan na ang epektibong pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa digital na panahon ay nakadepende sa integrasyon ng mga makabagong anyo ng panitikan sa kurikulum. Ang iminungkahing Modyul sa Panitikang Filipino ay nagsisilbing tugon upang gawing mas interaktibo, malikhain, at malalim ang pag-aaral ng panitikan, na tinitiyak na ang pag-unlad ng teknolohiya ay magiging kasangkapan sa pagpapatibay ng pambansang identidad sa halip na maging banta rito.

## Kongklusyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Natuklasan sa pag-aaral na ang antas ng pagpapalaganap ng kulturang Pilipino ay sumasang-ayon.
2. Bahagyang Mahusay ang resulta ng lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kulturang Pilipino.
3. Nararanasan ang mga suliranin sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino tulad ng limitadong pag-unawa sa lokal na sining, wika, at panitikan, kakulangan sa suporta ng media at pamahalaan, at hindi ganap na pagpapahalaga ng kabataan sa kultura.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Sanggunian

Andrada, M. F. C. (2022). Pagbabanyuhay: Teknolohiyang Neoliberal at Panitikang Digital sa Pilipinas Metamorphosis: Neoliberal Technology and Digital Literature in the Philippines. TalastÃsan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies, 1(1), 1-1.

Betos, J. (2024). Kabutihang Naidulot at Suliraning Natamo sa Paggamit ng Social Media ng mga Mag-aaral Sa Filipino 8, Ikatlong Distrito ng Ubay, Bohol. UB Advancing Filipino Research Journal, 1(1), 40-54.

De Guzman, A. M. S. (2025). Integrasyon ng Information and Communication Technology sa pagtuturo ng iba't ibang anyo ng panitikan sa sekundaryang antas. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(4), 1383–1404. https://doi.org/10.5281/zenodo.15311184

Gatchalian, G. G. H. (2021). Ang pagtuturo ng wika at panitikan ng Pilipinas gamit ang teknolohiya sa panahon ng pandemya. La Consolacion University Philippines. Retrieved from ResearchGate

George, A. (2022). Interview by L. Santos. Philippine Culture Online.

Isip, J. G. A. (2024). Kakayahang kognitibo ng mag-aaral sa Filipino 7: Batayan sa pagbuo ng animasyon ng panitikang Bisaya (Hindi nailathalang masteral na tesis). Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas.

Jusayan, C. (2021). Kulturang popular: Kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikang Pilipino sa panahon ng pandemya. ResearchGate.

Mojares, R. (2018). Folk literature and national identity. Ateneo de Manila University Press.

Parreñas (2022). Pagtuklas ng mga Kaisipang Ekolohikal sa mga

Piling Panitikang Pambata sa Pilipinas sa Wikang Filipino. Imus National High School & De La Salle University - Manila. [Conference Paper or Unpublished Manuscript].

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Peña, H. K. V. D. (2025). *Digital Storytelling Methods* Sa Pagtuturo Ng El Filibusterismo 10.

Platil, J. R. C., Sapalaran, J. M. C., Ortiz, S. M. A., Guiritan, Z. A. G., Ceniza, T. M. D., Cuizon, H. W. L., & Gaddi, J. A. G. (2024). Bisa ng pagtuturo sa makasaysayang pagpapahalaga sa kontemporanyong kulturang Pilipino ng mga mag-aaral sa humanidades at agham panlipunan.

Sison, J. (2022). Ang Papel ng social media sa Pagpapalaganap ng Makabayang Panitikan. Talastásan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies, 1(1), 95-97.

Soriano, R. (2024). Digital communities and online literature: The role of social media in modern storytelling. Philippine Journal of Media and Culture, 12(1), 45-67.